
Pasko ng Pagkabuhay
MARSO 29–ABRIL 4

# Ano ang itinuro ni Joseph Smith tungkol sa kamatayan at pagkabuhay na mag-uli?

Nalaman ni Joseph Smith sa pamamagitan ng paghahayag na lahat ng namamatay ay mabubuhay na mag-uli dahil kay Jesucristo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:26). Narito ang ilan sa mga doktrinang puno ng pag-asa na ibinahagi niya.



*JOSEPH IN THE GROVE [SI JOSEPH SA KAKAHUYAN], NI A. D. SHAW*

**Ang kamatayan ay bahagi ng plano ng Diyos.**
"Nahirapan akong mabuhay sa mundo at makitang kinukuha sa amin ang [mga kapatid kong sina Alvin at Don Carlos] . . . sa kanilang kasibulan. . . . Ngunit alam ko na dapat tayong pumayapa at tanggapin na ito ay sa Diyos, at tanggapin ang Kanyang kalooban; tama ang lahat ng ito."[2]

**Ang kamatayan ay panandalian.**
"Nahiwalay lamang ang [ating] mga kamag-anak at kaibigan sa kanilang katawan sa maikling panahon."[3]

**Hindi dapat matakot ang mabubuti.**
"May dahilan tayo para magkaroon ng napakalaking pag-asa at kaaliwan para sa ating mga patay kaysa sinumang tao sa mundo."[4]

**May pag-asa kahit sa pagdadalamhati.**
"Nagdadalamhati ang puso ko para sa mga nangamatay, ngunit hindi ako nawawalan ng pag-asa, dahil makikita at makakapiling ko silang muli."[1]

**Talakayan**
Paano kayo binibigyan ng pag-asa at kapayapaan ng mga pangako ng Pagkabuhay na Mag-uli? Paano ninyo ibabahagi sa iba ang mga katotohanang ito?

MGA TALA
1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 208; tingnan din sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," ChurchofJesusChrist.org.
2. *Mga Turo: Joseph Smith,* 207–8.
3. *Mga Turo: Joseph Smith,* 203.
4. *Mga Turo: Joseph Smith,* 203.